Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:**

| | |
|---|---|
| Manunulat | : Imee E. Rebustes, HT VI |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS |
| | Liezl M. Evangelista, HT VI |

**Pangkat Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| SDO, Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

# Aralin 1 Suprasegmental ( tono, diin, antala )

## Inaasahan

Ang modyul na ito ay ginawa upang makatulong sa mga mag-aaral na tulad mo upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa araling tatalakayin.

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang :

- Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng suprasegmental ( tono, diin, antala )

## Unang Pagsubok

Sa pagsisimula, atin munang subukin ang iyong nalalaman sa aralin. Kayang-kaya mo kaya? Magsimula ka na.

**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong kwaderno.

1. Siya ay madiskarte at masipag kaya __________ siya sa magkakapatid.
   A. LAmang C. LAMANG
   B. laMANG D. lamang
2. _________ na ang aking halaman dahil sa matiyaga kong pag-aalaga.
   A. buHAY C. BUhay
   B. buhay D. BUHAY
3. Sinabi niya na hindi siya ang kaklase.
   A. Hindi /ako ang kaklase mo. C. Hindi ako ang/ kaklase mo.
   B. Hindi ako ang kaklase mo. D. Hindi ako/ ang kaklase mo.
4. Ipinakikilala sina Harvey, Ben at Ricky kay Arnold na dati niyang kaklase.
   A. Harvey, Ben, Ricky si Arnold /ang dati kong kaklase.//
   B. Harvey, Ben, Ricky /si Arnold /ang dati kong kaklase.//
   C. Harvey, Ben, Ricky/ si Arnold ang dati kong kaklase.//
   D. Harvey, Ben, Ricky si Arnold ang/ dati kong kaklase.//
5. Natakot at nagulat siya sa kanyang nakita kaya nabigkas niya ito.
   A. Nanang ko po, Tulungan ninyo ako.
   B. Nanang ko po? Tulungan ninyo ako.
   C. Nanang ko po! Tulungan ninyo ako!
   D. Nanang ko po. Tulungan ninyo ako.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Balik-tanaw

Sa nakalipas mong aralin ay iyong natutuhan ang mga awiting- bayan na sumasalamin sa kanilang kultura at saloobin. Subukan mo ngang bigkasin ang mga linya ng awitin sa kaliwang bahagi, kanang bahagi, ano ang iyong napansin? Ito ang kasanayang ating tatalakayin. Handa ka na ba?

**PAMULINAWEN**
**TAGALOG VERSION**

| | |
|---|---|
| Huwag kang magtampo | |
| Iyon ay biro lamang | |
| 'Di na uulit | |
| Manalig ka, hirang | |
| Kung galit ka pa | Kung GAlit ka pa |
| Parusahang lubusan | |
| At 'yong asahang | |
| Hindi magdaramdam | Hindi / magdaramdam |
| | |
| Tunay ang aking pag-ibig | |
| at hindi biru-biro lamang | |
| ang puso ko'y sa iyo | |
| huwag kang mag-alinlangan | |
| at kung kulang pa rin | |
| kunin mo pa yaring buhay | kunin mo pa yaring BUhay |
| 'Yan ay tanda ng | |
| sukdulang pagmamahal | sukdulang pag.mamahal |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

May mga pagkakataon ba sa buhay mo na nagkakamali ka sa pagbigkas ng mga salita, paghinto o pagtigil sa pagbigkas ng mga pangungusap? Makatutulong ang araling ito upang higit mong maipahayag ang iyong niloloob sa tamang paraan. Itala mo sa ibaba ang mga salita o pangungusap na mali ang iyong bigkas at atin itong tatalakayin.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang usapan.

Nakita ni Lito si Ana na kasunod niyang nakapila sa isang pamilihan. Magkababata ang dalawa noon kaya sabik niyang kinumusta ang dalaga.

**Lito**: Uy, Ana! Kumusta ka na? Mukhang malusog ka yata ngayon ah.
**Ana**: Magandang umaga Lito. Oo nga e panay tulog at kain lang nitong quarantine. Ikaw, kumusta na? Tumataba ka rin ah.
**Lito**: Naku, parehas tayo ng gawain. Walang ibang magawa kung hindi matulog at kumain kaya nga heto ako't mamamalengke na naman.
**Ana**: Ganoon nga rin sa amin. Siya nga pala, parang wala kang dalang quarantine pass?
**Lito**: Huh? Hindi kailangan ang quarantine pass ah.
**Ana**: Hindi, kailangan ang quarantine pass. Hindi sila nagpapapasok nang walang dala no'n. Mayroong nakapaskil sa harapan ng *gate*. Para din maiwasan ang dagsa ng tao. Teka, parang galit ang tono mo? Hehe.
**Lito**: Ay talaga? Nasaraduhan kasi kami kahapon kaya sabi ko'y bukas na lang ako pupunta. Hindi ko nabasa ang nakalagay roon dahil nabasa na ng ulan. Oo, tama ring may quarantine pass ang mga pumapasok para malimitahan din ang bilang ng namimili. Uy hindi ha. Hindi gano'n ang tono ko. Nagulat lang ako, hehe.
**Ana**: Bukas sila hanggang alas otso, araw-araw. Ang lakas nga ng ulan ' kahapon kaya siguro hindi mo na iyon napansin. (Luminga-linga na parang may tinitingnan.)
**Lito**: Parang may nagkakagulo doon ha. Naririnig mo ba iyon? Siya raw ang magnanakaw. Grabe naman, may COVID na may mga ganyan pa rin.
**Ana**: Mali,Lito. Ang pagkakaunawa ko, hindi raw siya ang magnanakaw. Hindi naman siya huminto sa "hindi" nang sabihin niyang "Hindi ako ang magnanakaw". Magbabago lang ang kahulugan nito kung hihinto ka sa salitang hindi.
**Lito**: Oo nga noh. (Inulit ang pagbigkas) Hindi, ako ang magnanakaw. Hindi ako ang magnanakaw. Ganoon pala iyon ang galing.
**Ana**: Oo, ganoon iyon. Pati ang tono mo kanina, akala ko galit ka nang sabihin ang "Ay talaga?" Hehe. Saka yung hindi mo nabasa yung nakalagay roon sa pinto dahil nabasa yung papel, Diin naman ang tawag doon.
**Lito**: Ah ganoon pala iyon. Ngayon alam ko na. Salamat sa impormasyong iyan. O sige, hindi pa naman bukas di ba? Kunin ko muna iyong quarantine pass ko, tapos babalik ako mamaya para hindi na ako pupunta pa bukas.
**Ana**: Sige,Lito. Kunin mo na ngayon. Ingat ka.
**Lito:** Maiwan muna kita. Tayo na.
**Ana**: Huh? Anong tayo na?
**Lito**: Ang sabi ko, tayo na. Tatayo na ako at aalis, hehe.
**Ana**: Aba natuto na rin siya oh sige, Paalam Lito.
**Lito:** Paalam Ana, sige alis na ako.



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

## Mga Gawain



Lubos mo bang naunawaan ang usapan? Ngayon ay iyong sagutan ang mga gawaing makatutulong sa paglinang ng bagong kasanayan.

**Gawain 1: Ibuod mo!**
**Panuto:** Ibuod ang napag-usapan ng magkaibigan na may kaugnayan sa CoVid-19.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**Gawain 2: Hanap-Salita!**
**Panuto:** Isa-isahin ang mga salitang naulit sa dayalogo. Tukuyin ang pagbabago sa kahulugan ng mga salita batay sa gamit sa pahayag.

1.
2..
3.
4.
5.

## Tandaan

### Mga Ponemang Suprasegmental

Ang mga ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa mga makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, sinisimbulo ito ng mga notasyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas. Ang mga uri ng ponemang suprasegmental ay ang diin, intonasyon at hinto.

**Diin -** Ginagamit ang simbolong /:/ upang matukoy ang pantig ng salita na may diin. Sa Filipino, karaniwang binibigkas nang may diin ang salitang higit sa isang pantig. Malimit ding kasama ng diin ang pagpapahaba ng patinig.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

Tulad nito:

| | |
|---|---|
| /ba:hay/ - tirahan | /pagpapaha:ba?/ - lengthening |
| /kaibi:gan/ - friend | /sim:boloh/ - sagisag |

Mahalaga ang diin sapagkat sa pag-iiba ng patinig na binibigyang-diin, karaniwang nababago ang kahulugan ng salita. Tulad nito:

| | |
|---|---|
| /ba:lah/ - bullet | /kasa:mah/ - companion |
| /bala?/ - threat | /kasamah/ - tenant |
| /tu:boh/ - pipe | /maŋ:gaga:mot/ - doctor |
| /tu:bo?/ - sprout | /maŋga:gamot/ - to treat |
| /tuboh/ - sugar cane | /kaibi:gan/ - friend |
| /paso?/ - flower pot | / ka:ibigan/ - lover |
| /pa:so?/ - burn | |
| /pasoh/ - expired | |

**Intonasyon -** Tumutukoy ang intonasyon sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita, na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag. Tingnan ang sumusunod na halimbawa kung saan ipinahihiwatig ng pagtaas o pagbaba ng tinig.

Hindi dapat ipagkamali ang intonasyon sa punto at tono ng pagsasalita. Ang punto ay tumutukoy sa rehiyunal na tunog o accent. Iba ang punto ng Ilokano sa Maranao o ng Cebuano sa Ilonggo. Maging sa rehiyong Tagalog, iba ang punto ng mga Batanggenyo at kahit mga taga-Cavite. Sa probinsiya ng Quezon, karaniwang magkakaiba ang punto sa iba't ibang bayan. Samantala, ang tono ng pagsasalita ay nagpapahayag ng tindi ng damdamin. Maaaring magkaiba-iba ang punto at tono bagamat iisa ang intonasyon.

| | |
|---|---|
| * Pagsasalaysay/paglalarawan | Dumating sila kanina.<br>Maganda talaga si Rona. |
| * Masasagot ng OO o HINDI | Totoo?<br>Sila iyon, di ba? |
| * Paghahayag ng matinding damdamin | Naku, may sunog!<br>Hoy! Alis dyan! |
| *Pagbati | Kumusta ka?<br>Magandang umaga po<br>Salamat sa iyo. |
| * Pagsagot sa tanong | Oo, aalis na ako.<br>Hindi. Hindi ito ang gusto ko. |

**Hinto/Antala -** Nangangahulugan ito ng pagtigil sa pagsasalita. Maaaring huminto nang panandalian habang sinasabi ang isang pangungusap, at maaari rin sa katapusan na ng pangungusap ang paghinto. Sa pagsulat, sinisimbulo ng kuwit (,) ang panandaliang paghinto at ng tuldok (.) ang katapusan ng pangungusap. Sa mga pangungusap sa baba, nilalagyan ng isang bar (/) ang isang saglit na paghinto at ng dobleng bar (//) ang katapusan ng pahayag. Mapapansing naiiba ang kahulugan ng pangungusap sa pag-iiba ng hinto sa pangungusap.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

Tito Juan Anton ang pangalan niya//
(Sinasabi ang buong pangalan ng ipinakikilala.)
Tito/ Juan Anton ang pangalan niya//
(Kinakausap si Tito, o kaya'y isang tiyo, at ipinakikilala Si Juan Anton)
Tito Juan/ Anton ang pangalan niya//
(Kausap ang isang tiyo na Juan ang pangalan. Ipinakikilala si Anton)
Tito/ Juan/ Anton ang pangalan niya//
(Ipinakikilala sina Tito at Juan kay Anton )

Lubos mo bang naunawaan kung gaano kahalaga ang suprasegmental sa pakikipag-usap? Kung gayon ay ating alamin ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Gawain 1: Suri-Salita!**
**Panuto:** Isulat sa iyong kwaderno ang wastong diin ng mga salitang nasa panaklong ayon sa gamit nito sa pangungusap.

( bukas ) 1. Ang aming tahanan ay laging ________ para sa mga nangangailangan ng tulong.

( basa ) 2. Dapat lamang tayong mag-ingat sa pagmamaneho kapag maulan dahil ________ ang kalsada.

( labi ) 3. Kasimpula ng kamatis ang kanyang ________ .

( buko ) 4. _______ na ang kanyang kapatid sa mga ginagawa dahil nakita siya ng kanyang ina.

( pula ) 5. Binigyan niya ng bulaklak na kulay _______ ang pinakamamahal niyang kasintahan.

**Gawain 2: Itala mo!**
**Panuto:** Ipaliwanag ang kahulugan ng mga sumusunod na salita na nakapaloob sa panaklong at mga pahayag. Isulat sa iyong kwaderno ang sagot.

1. .Matinding hirap ang iyong madarama kung ikaw ay may ( a. SAkit, b. saKIT ) sa baga.
2. Mayayabong na mga ( a. PUno, b. puNO ) ang makikita mo sa daraanan kapag nagpunta ka sa Baguio.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

3. a. Janna / Malou / ang pinsan ko /si Aris.//
   b. Janna / Malou / Aris ang pangalan ng pinsan ko.//

4. a. Hindi /bukas ang uwi ko sa Laguna.
   b. Hindi bukas / ang uwi ko sa Laguna.

5. a. Maganda si Aimee sa kanyang kapatid.
   b. Maganda ba si Aimee sa kanyang kapatid?

**Gawain 3: Iyong Suriin!**
**Panuto:** Pag-aralan ang mga sumusunod na pangungusap, ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. <u>Tuyo</u> na ang mga nilabhang damit ng kanyang kapatid na may sakit.
2. Napakasarap kumain ng <u>tuyo</u> kapag umuulan.
3. Dahil sa kaunti lamang ang <u>kita</u> ng kanyang ama, napilitan siyang huminto sa pag-aaral.
4. Di ko <u>kita</u> ang palabas dahil sa sila ay puro matatangkad.
5. <u>Bukas</u> na ang pagsusulit na ibibigay ng kanilang guro.
6. Kanina pa <u>bukas</u> ang tindahan na kanyang pagbibilhan ng gamut.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

1. Isa sa napakahalagang organ sa ating katawan ay ang puso na dapat pag-ingatan.
   A. PUSO C. PUso
   B. puSO D. puso
2. Nais ng negosyante na malaman kung kumita siya sa araw na ito,
   A. TUbo C. tuBO
   B. TUBO D. tubo
3. Umakyat siya ng ligaw sa isa sa magkakapatid.
   A. ligaw C. liGAW
   B. LIgaw D. LIGAW
4. Mainam na inumin ang sabaw ng buko lalo na kapag tag-init.
   A. BUko C. buKO
   B. BUKO D. buko
5. Ipinakilala ang kanyang kaklase sa kanyang kapatid.
   A. Ate Anna/ siya ang kaklase ko/ si Luis.//
   B. Ate Anna siya ang kaklase ko /si Luis.//
   C. Ate/ Anna /siya ang kaklase ko si Luis.//
   D. Ate Anna /siya ang kaklase ko si Luis.//
6. Hindi mo nagustuhan ang pagkaing inihanda.
   A. Hindi /ko gusto ang pagkain.// C. Hindi ko/ gusto ang pagkain.//
   B. Hindi ko gusto ang/ pagkain.// D. Hindi ko gusto/ang pagkain.//


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

7. Inutusan mo ang iyong kapatid na kunin ang iyong aklat sa ibabaw ng mesa.
   A. Aida kunin mo/ ang aking aklat/sa ibabaw ng mesa.//
   B. Aida kunin mo ang aking aklat /sa ibabaw ng mesa.//
   C. Aida/ kunin mo ang aking aklat/sa ibabaw ng mesa.//
   D. Aida kunin mo ang aking aklat sa ibabaw ng mesa.//
8. Hindi ikaw ang nakita ng iyong kapatid.
   A. Hindi /ako ang nakita mo.
   B. Hindi ako/ ang nakita mo.
   C. Hindi ako ang/nakita mo.
   D. Hindi ako ang nakita mo.
9. Nagalit ang iyong ina dahil nakita ka sa labas ng bahay kaya pinauwi ka.
   A. Lester, uwi?
   B. Lester,uwi.
   C. Lester, uwi!
   D. Lester, uwi?!
10. Nagtanong siya na kung aalis kinabukasan.
   A. Aalis ba tayo kinabukasan!
   B. Aalis ba tayo kinabukasan?!
   C. Aalis ba tayo kinabukasan.
   D. Aalis ba tayo kinabukasan?

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Ilahad mo ang iyong natutuhan sa araling ating tinalakay sa pamamagitan ng pagpuno/pagdugtong sa mga parirala upang makabuo ng makabuluhang kaalaman.

| Nalaman Ko | Napag isip ko | Natutuhan ko |
|---|---|---|
| Nalaman ko sa Tono na | Kung wala ang tono | Samakatuwid , ang mga ito ay |
| | | |
| Ang Diin | Kung wala ang diin | |
| | | |
| Ang Antala | Kung wala ang antala/hinto | |
| | | |

## Sanggunian


- MELCs sa FILIPINO 7 – Naipaliliwanag ang kahalagahan ng suprasegmental ( tono, diin, antala ) (F7PN-llla-c-13)
  http://clipart-library.com/thinking-images.html
  http://siningngfilipino.blogspot.com/2012/09/mga-ponemang-suprasegmental.html
  https://www.tagaloglang.com/pamulinawen-ilocano-song/




Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Susi sa Pagwawasto

**Pag-alam sa Natutuhan**
**GAWAIN 1**

1. a. SAkit – dusa,dalamhati
   b. saKIT – karamdamam
2. a. Puno – punungkahoy
   b. puNO – umaapaw, puno ang lalagyan
3. a. Ipinakikilala kay Janna at Malou ang pinsan niyang si Aris.
   b. Sinasabi kay Janna at Malou na Aris ang pangalan ng pinsan niya.
4. a. Bukas siya uuwi sa Laguna.
   b. Ngayon siya uuwi sa Laguna.
5. a. Sinasabi na maganda si Aimee sa kanyang kapatid.
   b. Nagtatanong kung maganda ba si Aimee sa kanyang kapatid.

**Mga Gawain ( Gawain 2)**

1.a.Hindi kailangan ang quaran-tine pass.
b.Hindi/kailangan ang quaran-tine pass.
2.a.Hindi ako ang magnanakaw.
b.Hindi/ako ang magnanakaw
( nababago ang kahulugan ng paha-yag kapag humihito ng panandalian sa simbolong bar (/)
3. nabasa- a. wet(basa) b. read (nagbasa)
4. bukas -a.sarado b.bukas(open)
5. tayo na – a. stand up (nakatayo)
b. lets go (tara na)
6. ay talaga? – a. nagpahayag ng damdamin - nabigla/nagalit

**Gawain 3**

1. buKAS 3. LAbi 5. puLA
2. baSA 4. buKO

**Paunang Pagsubok**

1. B
2. A
3. D
4. B
5. C

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. C
2. A
3. B
4. A
5. A
6. D
7. C
8. B
9. C
10. D

**Pag-alam sa Natutuhan**
**GAWAIN 2**

| | | |
|---|---|---|
| 1.tuyo | 2. kita | 3. bukas |
| a. hindi basa | a. kinita sa trabaho | a. kinabukasan |
| b. isdang binilad sa araw | b. di nakikita | b. hindi sarado |


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.